

1

Matapos ang ilang minutong paglalakad, sa wakas ay narating ni Mika ang bahay ng kaibigang si Lani. It was late in the evening. Marahil tulog na ang mga magulang ng babae, pero alam niyang kanina pa ito naghihintay mula nang i-text niyang hintayin siya at may pag-uusapan sila. May dala siyang overnight bag dahil usapan na nilang dito siya matutulog.

Nang mapagbuksan siya ng pinto ng kaibigan ay lumukot ang kanyang mukha, as if ready to burst into tears.

Bihirang pagkakataong kakikitaan ng ganitong ekspresyon ng mukha si Mika. She was usually a happy person. Laging maaliwalas ang kanyang mukha at magaan ang aura na advantage sa pagiging isang disc jockey niya sa FM station na pinagtatrabuhan.

Nang makita siya ni Lani ay kaagad nitong naisip na kung ganoon ang ekspresyon sa mukha ng kaibigan the whole day, ibig sabihin apektado rin ang mood nito. “Bad day?” hula nito.

Lalong lumukot ang mukha niya. “You can say this is the worst day of my life. I’ve never felt so down,

para akong zombie sa trabaho kanina. Mechanical ang bawat kilos. Hindi mabilang ang dead air,” tuluy-tuloy niyang sabi habang sumusunod papasok sa loob ng bahay.

Nahulaan nitong isang serious issue ang bagay na iyon. “Sa library tayo.”

Nang makapasok na sila sa naturang silid, ibinagsak niya ang katawan sa sofa. “I’d like to shoot my Lolo Vincent.”

Sandaling natigilan si Lani, pagkuwa’y dahan-dahang naupo sa kaharap na sofa at tumingin sa kanya, nakataas pa ang kaliwang kilay.

“Tama ba ang narinig ko? Did you say Lolo Vincent? The lolo you adore so much?” Tanging ito lamang ang nakakaalam sa closeness nila ng kanyang abuelo na kapatid ng kanyang Lolo Gerald, na siya namang ama ng kanyang mommy.

Dadalawa lang na magkapatid sina Vincent at Gerald, at sa kanilang dalawa ay si Vincent lamang ang nabiyayaan ng mahaba at magandang buhay. Gerald died nang bata pa lamang ang mommy ni Mika.

Pinalad na makapunta ng States si Vincent kung saan ito nagkaroon ng negosyong restaurant na

lumago nang lumago hanggang sa magkaroon ng maraming branches sa ibang states ng Amerika.

And being the kind and gentle person that he was, ito ang tumulong sa kanila mula pa noon. Her mom had the misfortune of getting pregnant when she was still in her teens na hindi pinanagutan ng boyfriend nito. Dahil doon ay natulad siya sa kanyang mommy, lumaki rin si Mika na walang ama.

Si Vincent ang laging naroon para sa kanya mula pagkabata. Nagmistula itong lolo at ama kay Mika. Kahit nagtatrabaho noon ang kanyang mommy bilang clerk sa munisipyo, si Vincent pa rin ang halos bumuhay sa kanila maski mayroon na itong asawa at dalawang anak. Ginawa nito ang lahat sa abot ng makakaya para mamuhay sila nang komportable, at ito rin ang sumagot sa pag-aaral niya mula high school hanggang kolehiyo.

He wanted her to take Hotel and Restaurant Management para makatulong sa business nito sa States. But when she told him na mas gusto niyang kumuha ng Communications para pumasok sa mundo ng radio, hindi ito tumutol at sinuportahan pa siya all the way.

Oh yes, Vincent was the perfect lolo. Pero bakit gusto itong barilin ni Mika ngayon?

“Adore?” aniya sa kaibigan. “Not now,” matigas ang boses na sabi niya. “Tama ba namang bigyan niya ako ng offer na may kasamang kondisyon?”

“Anong offer? Anong kondisyon? Hello! Puwedeng start from the beginning? Hindi kita maintindihan, eh. Maloloka ako sa ‘yo.” Lalo itong naging curious sa narinig.

“Last night nag-meet kami, siyempre ang saya-saya ko because he was able to squeeze some time for me despite his hectic schedule as a restaurateur saka two days lang siyang mamamalagi ngayon dito sa Pilipinas. At alam mo ang dahilan at nagawa niya akong sadyain? To tell me na ililipat niya sa pangalan ko ang properties niya sa Ilocos Sur.”

Nakita niya ang panlalaki ng mga mata ni Lani. Ang pag-aliwalas ng mukha nito na komo’y narinig umawit ang mga anghel sa langit.

“The house near the beach?” hula nito. Hindi lang kasi miminsang sumama ito sa pagbabakasyon doon. Hindi ordinaryong bahay ang pinag-uusapan. It’s a two-storey house made of bricks na ang disenyo ay kinopya sa mga bahay sa England. At dahil sa lokasyon nito ay hindi basta-basta ang presyo. Dream house iyon ng kahit sino.

“That house, at iyong mango farm.”

Ang mango farm na tinutukoy ay limang ektaryang lupain na nagpo-produce ng quality mango. Dalawang kilometro lamang ang layo nito mula sa bahay.

Nanlaki ang mga mata ng kausap. “Wow, friend! Mayaman ka na!”

“It also comes with a certain amount of cash,” patuloy ni Mika.

Wala itong makitang dahilan para magalit siya sa kanyang lolo. Sinapo lang ni Lani ang noo na komo’y mahihilo.

“With the condition that I get married within two months,” pagbibigay-alam niya na tila nabasa ang inisip nito.

Bumagsak ang mukha nito. “May baril diyan si Daddy, hiramín mo kaya?”

Sinapo ni Mika ang mukha.

“Napaka-unfair niya!” Parang maiiyak na naman siya sa desperasyon. Paano naman kasi, mula nang mag-usap sila ng abuelo niya nang nakalipas na gabi ay ngayon lang niya mailalabas ang emosyon. Na-suppress ito buong araw. “Hindi na lang sana siya

nag-offer kung may kasunod palang ganitong klase ng kondisyon.”

Lani rubbed her back. It didn't make her feel better. “Ano'ng sinabi mo?”

“Aba, nginitian ko siya nang pagkatamis-tamis at sinabi kong ipahanda na niya sa abogado niya ang mga papeles para malipat sa pangalan ko dahil pagbalik niya mula sa States next month, may ihaharap na akong fiancé sa kanya.”

“You didn't argue?” Amazed ang kaibigan. Hindi ugali ni Mika ang basta patatalo sa anumang usapan. It's in her nature na laging may opinyon sa lahat.

Nakapagtataka para kay Lani kung bigla siyang nanahimik ngayon. Ngayong ganito kaseryoso ang usapan. It involves her personal life. Her very personal life.

“He was grinning like a cat when he told me about the condition. Alam kong hindi mababago ang pasya niya kahit makikipag-argumento pa ako,” paliwanag niya. “I left bago sumabog ang ulo ko sa sama ng loob.”

Napasipol ito. Pagkuwa'y, “So ano'ng gagawin mo?”

“Aayusin ang kasal ko.”

Lani raised an eyebrow. Hindi ito sigurado kung tama ba ang narinig nito. “Uhm... Mika, sa pagkakaalam ko, second year college ka pa noong huli kang magka-boyfriend. Ni casual date nga nitong nagdaang mga taon, eh, wala ka yata. Come to think of it, tinanggihan mo iyong blind date na sini-set n’ung technician ninyo last month,” paalala pa nito. “Zero ang love life mo, so the question is, sino ang pakakasalan mo?”

“Damn it, Lani,” aniya sa boses na puno ng kumpiyansa. “I swear I’m gonna find a groom. Within this week, may mahahanap na ako.”

“My gosh! Huwag mong sabihing sasagutin mo na si Drake? Bahala ka!” seryoso ang boses na banta nito.

Paano nga ba namang hindi ganito ang magiging reaksyon ng kaibigan sa ideyang naisip niya? Si Drake nga ang pinakamasugid niyang manliligaw, kapwa disk jockey niya ito sa radio station kung saan siya nagtatrabaho. Ang lalaki rin ang numero unong kalaban niya sa posisyon ng station manager na hinihintay na lang ang malapit na pagma-migrate sa Australia.

A Groom For Life - Mari Calingayan

They were both working hard para ipakita ang commitment nila sa station. But it's a healthy competition.

Drake was almost the ideal guy. He was smart and ambitious. He possessed good looks, mapera, hindi umiinom at hindi rin naninigarilyo.

But he loves women.

Sinabi ng lalaki na gusto siya nitong pakasalan, at nararamdaman ni Mika na seryoso naman ito. Pero alam niya rin na hindi porque't pakakasalan siya ay magtitigil na ito sa paghahanap ng ibang bulaklak sa paligid.

No way. Not Drake.

“Basta maghahanap ako.”

“Ano'ng balak mo, mag-advertise sa diyaryo?”
namaywang na paninita ng kaibigan.

Inirapan ito ni Mika. “Just watch me.”

May narinig silang isang mabigat na bagay na nahulog sa sahig.

Sabay na napalingon sa pinanggalingan ng tunog ang dalawang babae. At doon sa isang sulok ng library, sa isang bahaging hindi pansinin, nakatayo ang isang

lalaki. Hindi man lang ito nagtangkang pulutin ang librong nahulog sa sahig at siyang lumikha ng ingay.

Awang ang bibig na tinitigan ito ni Mika.

Matangkad ito tulad ng isang basketball player. Ang katawan ay halatang naalagaan sa regular workout. He was wearing a gray shirt at ang pang-ibaba ay asul na shorts.

She took particular notice of his hair na hula niya ay lampas-balikat at ngayon ay naka-ponytail sa likod ng ulo.

Hindi siya makapaniwala. Bumilis ang pintig ng puso niya.

“Lani, sino iyan?” mahina ang boses na tanong ni Mika sa kaibigan. Kahit pa sa isang bahagi ng isipan ay kilala na niya ang taong iyon.

“Si Kuya Jared,” bulong nito.

Jared?

Napatingin siya sa kisame. Oh, sweet heavens, tama ang unang hula niya. Ito nga!

The devil himself.

As a teenager, ito ang salot ng buhay niya. Wala itong ginawa kundi ang lagi siyang asarin na komo’y

appointed ng demonyo para gawing miserable ang kanyang buhay. Okay na sana ang lagi nitong pang-aasar, maaaring makayanan niya ito, pero ang lalong nagpapahirap sa kanya noon? In love na in love siya rito! For years, ito ang laging laman ng kanyang pantasya!

Why was he back?

He left four years ago para ipursigi ang pangarap na maging bantog na manunulat sa diyaryo. When he won a national award dahil sa isang article nito regarding the war in Mindanao, napansin ito ng isang US newspaper at binigyan ng offer ang lalaki para maging correspondent sa Iraq.

But now, he's back.

Literal na sinapo ni Mika ang noo. "It can't be! Akala ko ba namatay na siya sa Iraq?" desperado ang boses na sabi niya sa kaibigan.

Lani didn't have the opportunity to answer dahil inunahan ito ng kapatid nitong nakatayo pa rin sa gilid na bahagi ng silid.

"Actually, I did," ani Jared sa boses na walang ipinagbago sa boses nito noon. So cool and casual. "I mean, I died in Iraq. This is just my ghost you're talking to." At binigyan siya ng nakakalokong ngiti.

Nanghina ang mga tuhod niya. The effect of his smile was the same as ever... *Haay...*

“So, Mika, my dear,” patuloy nito na naupo sa isang sofa. “Kailangan mo ng groom? And from what I’ve heard, you need it soon.”

“Ugali mo pa rin ba ang mag-eavesdrop? Hindi ba itinuro sa iyo noong college ang proper etiquette?” pauyam na tanong niya, feeling miserable dahil narinig nito ang kanilang naging usapan ni Lani.

“Wala sa intensyon kong makinig sa usapan n’yo. I was quietly drinking my coffee when you both barged in here na walang pakialam sa mundo at sinimulan mong isiwalat ang kuwento ng buhay mo.”

“Wala ka bang initiative? You could have coughed para ipaalam na may ibang tao pala rito!” gagad niya.

“How can I when I was so fascinated with the drama going on?” He looked so happy with himself.

“Go to hell!”

Nagkibit-balikat si Jared. “Been there.” Pasimpleng pinulot nito ang kanina ay nahulog na libro at umaktong nagbabasa.

Helplessly, tumingin si Mika sa kaibigan. “Tulungan mo akong i-salvage ito and I swear ibibigay

ko sa iyo ang kalahati ng yamang makukuha ko.”

Tumatawang hinila siya ni Lani palabas ng library. “Gaga! Hindi pa nga tayo siguradong may mamanahin ka dahil wala kang groom. Halika na nga, kain na tayo! Lalo akong nagutom sa mga sinabi mo.”

“Is he married?” Iyon ang unang tanong ni Mika sa kaibigan nang marating nila ang kusina.

“Luka-luka! Imposibleng nag-asawa iyan sa Iraq nang hindi ko sinasabi sa iyo! Pero halika’t ikukuwento ko ang nangyari. Ikaw talaga, hindi mo pa rin makontrol ang sarili mo kapag kaharap siya. Lagi kang naghahanap ng away.”

“As if ako pa ang may masamang sinasabi, eh, iyang kuya mo nga itong sira-ulo!” depensa niya sa sarili. “Bakit ba kasi siya umuwi? Feeling niya may naka-miss sa kanya rito?”

“Shh, ano ka ba! Marinig ka ni Mommy, eh, napaka-sensitive ng mga tao dito ngayon. Para silang naglalakad sa babasaging salamin.”

Bigla siyang nagkainteres. “Bakit? Ano’ng nangyari? May war shock ba si Jared?” Naisip ni Mika ang posibilidad. Apat na taon itong namalagi sa Iraq,

hindi malabong nagkaroon ito ng war shock. Hindi lang naman mga sundalo ang apektado sa mga giyera. As a war correspondent, he must have seen it all.

“Have you ever heard of American journalist na si Gillian Cameron?” pabulong pa rin ang boses ni Lani habang inaayos ang mga plato sa mesa.

Napakunot-noo si Mika. Sino ang hindi makakakilala sa babaeng iyon? Nagtatrabaho siya sa radio station kaya pamilyar siya sa pangalan. Natural alam na alam niya ang buong istorya. Last month ay laman ng lahat ng balita ang pangalang iyon. Si Gillian Cameron ay lulan ng isang *Cessna* plane na bumagsak sa isang bahagi ng Amazon River. She was with an American pilot on the way to her assignment somewhere in the jungles of South America nang mangyari ang trahedyang. Natagpuan ang bangkay ng piloto, but hers was never been found. Everyone now believes that she was dead dahil sino nga naman ang makakaligtas sa mapanganib na ilog na iyon?

Nagkibit-balikat siya. “Bakit? What’s the big deal about her? Apektado ba si Jared sa nangyari? Iniisip ba niyang mangyayari din ito sa kanya kaya agad siyang umuwi?”

“Ngayon lang namin nalaman. Apparently, she has lived a very private life. So this was never

mentioned in the news dahil halos silang dalawa lang ang nakakaalam. Well, she and Jared went steady for almost a year hanggang sa mangyari nga ang aksidente.”

Nakagat ni Mika ang labi. “Oh, damn...” May kung anong kurot sa puso ang naramdaman niya. She didn’t like it.

“Right. Double damn,” sang-ayon ng kaibigan.

“So umuwi siya dahil nagluluksa siya?”

Malungkot ang mukhang tumango si Lani. “Hindi ko pa nga nakakausap nang maayos si Kuya, eh, pero sinabi ni Mommy na wala na raw siyang balak umalis ng Pilipinas. He’s thinking of opening his own local newspaper here in Nueva Ecija.”

“He’s staying for good then...”

“Considering such tragedy, naiintindihan kong mas matatahimik ang isipan niya kapag nag-settle down siya rito.”

Hindi nila namalayan ang pagpasok ni Jared na inabutan silang parehong tahimik at matamang nag-iisip.

It’s a sensitive topic na kung maaari ay ayaw niyang bigyan ng pansin.

Naroon pa rin ang kakaibang feeling na ngumangatngat sa dibdib ni Mika. Hindi niya masita ang sarili sa nararamdaman.

“So, sis, I assume pinag-uusapan n’yo ng kaibigan mo ang makabagbag-damdaming istorya ng buhay ko?” anang lalaki sa pauyam na boses. Clearly, hindi nito gusto ang hinala. At dinadaan na lang nito iyon sa pagkasarkastiko.

Hindi na naman napigilan ni Mika ang sarili, inirapan niya ito. “Ikaw, pag-uusapan namin? Assuming ka! As if there’s anything interesting about you! Mas gusto ko pang pag-usapan ang buhay ng mga *Ninja Turtles* kesa ikaw!”

Ngumisi lang ito, parang alam nito na nagsisinungaling siya.

Na lalo namang nagpanggalaiti sa kanya.

“I changed my mind, Lani. Hindi na ako dito matutulog, baka bangungutin ako knowing na nariyan lang ang taong ‘yan! What if I get up in my sleep and murder him? Eh, di maging kriminal pa ako dahil sa kanya? Oh no, I’d rather go home and be safe.”

“As childish as ever,” anang lalaki na iniwan sa lababo ang mug saka naglakad palabas ng kusina.

“When will you grow up?”

Nag-iisip pa ng isasagot si Mika pero pinigilan na siya ng kaibigan.

“Tama na! Huwag mo na ngang pansinin iyon. Masanay ka na ulit, dahil hindi na natin iyan mapapaalis. Let’s eat, at pagpaplanuhan pa natin kung paano natin sisimulan ang paghahanap ng groom mo.”

Right, anang isipan ni Mika. May mas mahalagang bagay pa siyang dapat pagtuunan ng pansin. Kailangan niyang kumilos nang mabilisan. And Jared was diversion she couldn’t afford.

“Alam mo, may potential naman si Drake, eh. Puwede ko siyang kausapin tungkol sa problema ko, kumbinsihin siyang pumayag sa temporary marriage at mag-o-offer na lang ako ng amount sa kanya as compensation. Magpapa-annul na lang kami after six months,” aniya sa kaibigan habang pareho silang nakahiga sa kama at nakatitig sa kisame.

Bigla siyang nilingon ni Lani at umirap. “Ulol! Feeling mo kapag pinakasalan ka n’ong taong iyon, papayag siya sa temporary marriage? Hinding-hindi ka na n’on pakakawalan kahit mag-tumbling-

tumbling kang parang unggoy!”

Mika thought of how her marriage with him would turn out... and sharing him with another woman.

“Isa pa, kung business arrangement lang ito, natural dapat maghanap ka ng lalaking papayag sa ‘no strings attached’ na relasyon. Aba, kung si Drake ang bibigyan mo ng tsansa, hindi puwedeng ‘business’ lang iyon. Hindi iyon papayag na walang sex!”

Tumayo ang balahibo sa likod ng kanyang leeg. Ni hindi pa pumasok sa isipan niya ang aspetong iyon. Tama si Lani, kailangan niyang mamili ng taong papayag sa isang relasyong walang ibang attachment.

“Good point,” ani Mika bilang pagsang-ayon. “So, cross out na ang name niya sa list.” Kinuha niya ang notebook na pinagsulatan at nilagyan ng malaking ekis ang pangalan ng lalaki.

Nagkatinginan sila at parehong napabungisngis. Wala nang ibang laman ang kanilang listahan. Tanging pangalan ni Drake na may ekis ang naroon.

“Isa lang talaga ang choice mo, ang magpa-advertise sa diyaryo.”

“Wanted: Temporary Husband. Willing to stay

until process of my inheritance is completed. I offer fair compensation,” matawa-tawang turan niya.

Lalong napabungisngis ang dalawa.

“Hay naku, parang natutuyuan ang utak ko sa stress! I’ll just go drink water. Need anything?” aniya.

“Go ahead. Matutulog na ako. Malay mo may maisip akong solusyon sa panaginip ko. Makatulong pa sa atin.”

Ngingiti-ngiting lumabas si Mika ng silid.

Familiar na siya sa pasikut-sikot ng malaking bahay ng mga Saavedra. Tinuturing na niyang pangalawang tahanan ito noong high school pa lang sila ni Lani.

She made her way down the stairs kahit pa patay ang ilaw. Nang makarating sa kusina, kinapa niya ang switch at binuksan iyon.

Halos atakehin ang dalaga sa puso dahil sa gulat. Sinapo niya ang bibig para pigilan ang pagtili.

There in the darkness, nakaupo si Jared at tahimik na nagkakape.

2

“Ano’ng trip mo! Ano’ng ginagawa mo dito?” Gigil na gigil ang kanyang boses, pero wala siyang magawa kundi ang hinaan ito. Ayaw naman niyang gisingin ang mga tao sa buong kabahayan.

Lalo pa siyang nanggalaiti nang taasan siya ni Jared ng kilay.

“Hello?” There goes his super sarcastic voice na akala ni Mika ay hinding-hindi na maririnig. “Sa pagkakaalam ko, bahay namin ito. Wala na ba akong karapatang tumira dito?” pasimpleng sabi nito na pailing-iling pa.

He had a point pero inirapan pa rin niya ito. “Ang ibig kong sabihin, ano’ng ginagawa mo dito sa dilim? Bakit hindi mo man lang buksan ang ilaw? Ano ang punto mo sa pagtitiis sa dilim? Nagtitipid ng kuryente?”

Ngumiti ang lalaki. “Puwede kang maging stand-up comedienne. You always come up with funny comments like that.”

Salubong ang mga kilay na tinalikuran ito ni Mika at kumuha ng baso para lagyan ng tubig mula sa

dispenser. Tahimik niyang ininom iyon. Pero kulang. Para bang hindi man lang napawi ang uhaw niya dahil nababanas siya sa lalaki. She filled her glass again nang bigla ay matigilan.

May pumasok na ideya sa kanyang isipan.

Bakit nga ba hindi?

Hinanap ni Mika ang binata, this time, may excitement na sa kanyang mukha.

Napapantastikuhang sinalubong nito ang tingin niya. Siguradong kita ang pagniningning ng kanyang mga mata.

“What?” anito pa nang hindi pa rin siya nagsasalita.

“Marry me.”

Natigilan ang kaharap, pagkuwa’y tumawa. “Ang corny mo. When I said funny comments, hindi ganyan ang ibig kong sabihin. Nakakapanindig-balahibo naman ‘yang sinabi mo.”

“Seryoso ako.”

Noon biglang tumigil sa pagtawa si Jared. Napawi lahat ang senyales ng ngiti sa mukha nito. Tumalim ang mga mata nitong ngayon ay nakatutok

sa kanya.

“Of course, you are *not*.” Madiin ang pagkakabanggit nito sa huling salita.

Excited na lumapit siya rito at inilapit ang mukha sa lalaki na para bang sa pamamagitan niyon ay mas maiintindihan siya nito.

“Can’t you see my idea’s perfect? Ni hindi ko na kailangang mag-explain sa iyo dahil alam mo na ang sitwasyon. We can just go ahead and get married. Kapag maayos na ang lahat, ibibigay ko ang parte mo and we’ll have an annulment!” The more na naiisip niya iyon, the more convinced she was na ito nga ang perpektong solusyon. Naalala niya ang kanina ay pinag-uusapan lang nila ni Lani. “Huwag kang mag-alala, usapang matino ito. There will be no strings attached. All I need is a husband to call my own hanggang sa matapos ang paperworks na kailangan to transfer my lolo’s property in my name. Promise, hindi ka magkakaproblema.”

“Maligo ka nga, para kang nagdedeliryo diyan sa naiisip mo.” Halatang nababanas si Jared. Tumayo ito para iwan siya.

“That property in Ilocos is worth around twelve million or more. Ibibigay ko sa iyo ang twenty-five

percent ng halaga nito.”

He turned his back na parang hindi siya narinig.

“Oh, well, hindi na ako natuto,” lumakas ang boses na sabi ng dalaga. Siya naman ngayon ang nagsimulang mainis. “Umasa pa ako na maaawa ka sa sitwasyon ko. How foolish of me. Go ahead, iimbitahan na lang kita sa kasal ko. I hope may makasalubong ako sa kalye bukas at pumayag sa alok ko! Tingnan lang natin kung hindi ka maiinggit!” pang-asar pa na dagdag ni Mika.

“Good luck,” ang huling salita ng lalaki bago nakalabas ng kusina.

Mangiyak-ngiyak na napaupo ang dalaga sa isang silya.

Damn! Bakit pa ba kasi niya naisip ang ideyang iyon?

But it could have been so perfect...

Tulog na si Lani nang magbalik siya sa silid nito. Nababanas pa ring nahiga si Mika sa kama.

Damn, did she really propose to that moron? Ano ba ang pumasok sa isipan niya? How come naisip

niyang mapapapayag niya ito?

Alam naman niya ever since na hindi siya nag-e-exist sa mundo ni Jared. Why would he bother helping her? Kahit pa sabihing may kasaling pera sa usapan, it's not as if malaki ang pangangailangan ng lalaki sa pera.

May nalalaman pa siyang pabanta-banta na magpo-propose sa kung sinong makasalubong. Pakialam naman ng lalaki kahit pa mag-propose siya kay *Hannibal Lecter*?

Nakaramdam ulit siya ng pagkapahiya at biglang nagtalukbong ng kumot na para bang sa pamamagitan niyon ay malilimutan niya ang insidente kanina sa kusina.

Hay naku! Ilang ulit pa kaya siyang papahiyain nang ganito ni Jared? Mula noon ay wala na itong alam gawin kundi sagasaan ang damdamin niya.

She recalled the teenager that she was; in love na in love sa kuya ng kanyang best friend. Wala siyang ginawa noon kundi ang mag-isip ng paraan para laging magpunta sa bahay ni Lani para lang makita ang kinalolokohang lalaki.

He always ignored her whenever she was around, at sa mga pagkakataong binibigyang-pansin siya, iyon

naman ay para asarin siya.

“Ba’t namumula ang mga pisngi mo? May sakit ka ba? Mommy, patawag kaya kayo ng doktor,” anito noong first time niyang gumamit ng blush-on at nagpunta sa kinaroroonan nito para magpapansin.

Ngumiti lang siya kahit pa gustong umusok ng mga butas ng ilong niya sa galit. Isipin na lang ang excitement niya at ganoon pa ang lalabas sa bibig ng lalaki.

Nang utusan ito ng kapatid na ipagtimpla ito ng kape, kaagad siyang sumunod sa kaibigan at nilagyan ng dalawang kutsarang asin ang kape saka kusang dinala iyon sa lalaki na kasama ng mga magulang sa balkonahe.

Komo’y nalulunod sa dagat ang hitsura ni Jared nang humigop ng kape.

Pigil na pigil ang tawa ni Lani na nakatayo sa isang sulok samantalang palihim naman siyang binigyan ng thumbs-up ni Mercy, ang mommy nito.

Saksi ang parents ng magkapatid sa mga nakakawiling kaganapan ng buhay niya noon. Obvious sa mga ito ang palagi niyang pagpapapansin sa binata at ang pangdededma naman nito sa kanya.

A Groom For Life - Mari Calingayan

His parents thought it was funny and sweet. Iniisip nilang normal lang iyon sa isang teenager. Na lilipas din ang pagkahumaling niya rito.

And how right they were!

Natigilan si Mika.

Or were they?

Gaga! sita niya sa sarili. Siyempre naman. Ni hindi nga sumagi sa isipan mo ang Jared na iyan mula nang magtungo siya sa ibang bansa at hindi mo nakikita. Ibig sabihin teenage crush lang talaga iyong naramdaman mo sa kanya.

Pero ano ang tawag sa naramdaman niya nang ma-realize kanina kung sino ito habang nasa library sila ni Lani?

Sira! Eh, di gulat!

Napapikit nang mariin si Mika.

Hay, I hope so. Pero hindi naman nanghihina ang mga tuhod ko kapag nagugulat... himutok niya.

She didn't sleep well that night.

“May napanaginipan akong solusyon sa problema

mo,” bungad ni Lani nang abutan niya ito sa komedor kinaumagahan.

“Talaga?” matamlay ang boses na sabi ni Mika.

“Uh-huh, napanaginipan ko na kinidnap natin ang lolo mo at humingi tayo ng sampung milyong ransom. It was perfect, di ba? Hindi mo na kailangan ang ipapamana niya sa iyo. In fact, it would serve him right for causing you this agony.”

Kahit paano ay napatawa siya ng kaibigan. “Perfect,” sang-ayon niya at ngumiti.

“Another suggestion is, gusto mo tumingin ako ng prospect sa mga pasyente ko? Sumama ka kaya para bistahan mo sila?” anito pa.

Dentist si Lani at may sarili itong clinic as bayan.

“Good idea, threaten your potential patient with a syringe para mapapayag siya.” Tumawa si Mika.

“Well, remember iyong ipapa-blind date sana sa iyo n’ung technician n’yo? Bakit hindi mo subukan? Malay mo husband material ‘yon.”

This time, her laugh was real. “N’ong tanggihan ko ang blind date na ise-set sana ni Rob para sa amin ng kaibigan niya, he set the date for Chin-chin and that guy.” Ang nabanggit na babae ay kapwa niya DJ

sa radio station. “Anyway, they are going steady now. Ayokong saksakin ako ni Chin-chin kapag inagaw ko ang boyfriend niya.”

Magsasalita pa sana si Lani, pero napatigil ito nang pumasok ang mommy nito sa dining room. Tumayo ang dalawang dalaga para humalik sa ginang.

“Nagkita na ba kayo ni Jared, hija?” tanong nito sa kanya.

“Opo, Tita. Kagabi po pagdating ko.”

“Ano kaya’ng nakain ng taong iyon at nagpahaba ng buhok?” ani Mercy. “Akala yata bagay sa kanya.”

In her own opinion, masasabi niya bagay sa lalaki ang long hair. Bagay na bagay, actually. Puwede itong ilaban sa hanay ng mga sikat na commercial models.

Pero siyempre di niya sasabihin ang opinion sa mommy ni Lani. May pakiramdam siyang sinusubukan nitong kunin ang kanyang reaksyon. Tatantyahin kung naroon pa ba ang puppy love niya para kay Jared.

“Baka po wala siyang perang pampagupit,” sabi na lang niya na nagpatawa sa ginang.

“Kung naiinggit kayo sa buhok ko, huwag n’yo na lang tingnan.”

Sabay-sabay silang napatingin sa lalaking nakatayo na pala sa bungad ng komedor. Narinig nito ang kanilang usapan. Tuluyan itong pumasok doon.

Nag-iwas ng tingin si Mika at naramdaman ang pag-iinit ng mga tainga. Hindi niya inasahan na mako-conscious siya matapos ang proposal niya nang nakaraang gabi.

Kumuha ng isang slice ng tinapay si Jared mula sa bread basket.

In her mind, she willed him to go away. Sa halip, naramdaman niyang tumigil ito sa kanyang tabi.

“Puwede ka bang makausap?” tanong nito.

Gulat na nag-angat siya ng paningin. “Ako?”

“Uhum,” anang binata, sabay nguya.

Sinulyapan niya ang kaibigan na napataas din ang isang kilay dahil sa curiosity.

“Tungkol saan?”

“Sa pinag-usapan natin kagabi.”

Lalong tumaas ang kilay ni Lani. Si Mercy naman ay napakunot-noo.

Kaagad na tumayo si Mika. She had to get him

away from everybody else's ears. Parang balak yata nitong isiwalat ang pinag-usapan nila kagabi lang.

“Uhm... d'un tayo sa labas.” At nauna pa siyang lumabas ng komedor.

Nang marating nila ang veranda ay kaagad niyang hinarap si Jared.

“Nananadya ka ba?” gigil na tanong ni Mika.

Nagtaas ng kilay ang binata. “What's wrong?” There was an innocent look on his face.

“How dare you mention na nag-usap tayo kagabi, eh, ni walang kamalay-malay si Lani doon? At lalo na ang mommy mo! I had a feeling na sasabihin mo right in front of them na nag-propose ako sa 'yo!’”

“Ano ang masama doon? Sa talaga namang nag-propose ka? Unless may ibang tawag sa ginawa mo kagabi.”

Lalong nanggigil ang dalaga. “Since you turned me down, aba, let's just consider it never happened at mas gugustuhin kong kalimutan mo na iyon. Huwag mo na akong ipahiya sa harap ng kapamilya mo.”

“Well, about the proposal, 'yun ang gusto kong

pag-usapan.”

Inirapan niya si Jared. “The issue is closed.”

“If the offer still stands, baka pumayag ako.”

Natigilan si Mika, pagkuwan ay sinuri ang lalaki. He was busy eating his bread. Hindi naman ito mukhang nagbibiro.

“Ano’ng ibig mong sabihin sa ‘baka’?”

“I mean, kung papayag ka sa mga kondisyon ko, then we have a deal.”

“Ano’ng mga kondisyon?” Hindi na siya natutuwa sa tuwing naririnig ang salitang ‘kondisyon’. Hindi ba’t iyon ang sumira sa gabi ng pag-uusap nila ng kanyang Lolo Vincent?

“That within the marriage period we’ll act as husband and wife in all aspects.”

Nahugot ni Mika ang hininga. “I have the feeling na ang ‘all aspects’ na tinutukoy mo, actually pertains to just one issue,” magkasalubong ang mga kilay na sabi niya.

“Well, it’s an important issue.”

“You mean sex, don’t you?”

“Exactly,” sang-ayon ni Jared. “Fair lang naman, di ba? Hindi kaya basta-basta ang issue ng pagpapakasal. And if I have to do it, then at least, I want it to be real as possible.”

“No thanks,” matigas na tugon ng dalaga at nilampasan ito para iwan. That’s all she had to say. Kahit pa umuusok na ang ilong niya sa galit at halos bumula ang bibig sa dami ng gustong sabihin.

“It’s your decision.” Nagkibit-balikat ang lalaki.

Napatigil si Mika. Kumbaga sa komiks, tila nakakita siya ng bombilya na biglang umilaw sa isipan. Realization crept in.

“Alright!” Galit na hinarap niya ito. She hated his taunting voice. Sa palagay niya, kinausap lang siya ng binata para muling asarin. Alam nito na tatanggi siya, pero gusto nitong bigyan siya ng pag-asa and then send her hopes crashing down the ground. Puwes, igigisa niya ito sa sarili nitong mantika. “When?” hamon niya.

Halatang nagulat ito. “When?”

“When are we getting married?”

This time, ito naman ang napatitig sa kanya para suriin kung seryoso siya.

“Come on,” mayabang na sabi pa ng babae. “Just tell me the date at ihahanda ko na ang lahat. I can’t wait to get married to you, Jared. After all, this is a dream come true. Hindi mo lang alam kung ilang libong beses kong napanaginipan na ikinakasal tayo.”

They heard a noise at pareho silang napatingin sa daddy ni Jared na lumabas ng veranda, may hawak itong tasa ng kape at diyaryo.

Sinalubong ito ni Mika at nginitian nang pagkatamis-tamis.

“Tito Mike, guess what? Jared just asked me to marry him.”

When she looked back at Lani’s brother, nakita niyang halos mabulunan ito sa kinaing tinapay.

3

“This is a wonderful news! Pero hindi kaya nabibigla kayo? I mean, kagabi lang kayo uli nagkita after four years, and now you’re talking about marriage.” Iyon ang nasabi ni Mercy matapos marinig ang paliwanag ng asawa kung bakit ito biglang napahalakhak nang pagkalakas-lakas at tinawag sila ni Lani sa veranda.

Mika refused to look at her friend who was throwing dagger looks at her. Aba, kung nakakasunog lang ang tingin, kanina pa siya naging uling!

Hindi niya inasahan ang sumunod namang aksyon ni Jared. Halos himatayin siya sa gulat nang maramdaman ang braso nito na pumalibot sa kanyang balikat.

“Mommy, Daddy, we’ve wasted enough time these past years. Ayaw na naming magsayang pa ng panahon when we could spend it together.” Palihim nitong pinisil ang kanyang balikat at gusto niyang mapangiwi sa sakit.

Gumaganti ang lalaki!

Sira-ulo pala ito, eh! anang isipan ni Mika. Ano ang akala nito—patatalo siya? No way! He should

have expected this. It had always been in her nature to fight back, in any way she could.

Nakalimutan siguro ni Jared na switik din siya. He did not expect na sa ganito hahantong ang balak nitong pang-aasar sa kanya.

Nginitian niya ito nang pagkatamis-tamis saka binalingan ang mga magulang nito. “Akalain n’yo, mula pala noon may hidden desire na siya sa akin na pilit nilalabanan. Tuloy nang makita ako kagabi, aba, agad bumigay. He professed his undying love. At sino naman ako para magpakipot? Baka mauntog pa siya kung saan at magka-amnesia.”

Hindi maiwasang mapatawa ang mga kaharap nila. Maging si Mercy, sa kabila ng malaking pag-aalanganing nararamdaman.

Si Lani naman ay hinila si Mika mula sa braso ng kuya at niyakap siya. Mahigpit na yakap, na parang gusto siyang pigilan sa paghinga.

“Best friend!” anito sa malakas na boses. “I’m soooo happy for you!” At sa mahinang boses ay gigil na dinugtong nito, “I’m going to kill you. Both of you.”

“Thanks, best friend,” aniya na hindi pinansin ang sinabi nito, sa halip ay binigyan ng nakakalokang ngiti. “This is a dream come true.”

“So when do you plan to get married?” tanong ni Mike. Ni walang kuwestiyon ang matandang lalaki. Para bang naa-amuse lang ito sa mga pangyayari.

“As soon as possible,” ani Jared.

Hindi papatalo si Mika. “Right, as soon as possible. Mamaya nga po mag-a-apply na kami ng lisensya sa munisipyo.” See, ang ibig sabihin ng ASAP sa kanya ay right now!

Nakita niya ang panandaliang gulat sa mukha ni Lani, pagkuwan ay ang panlalaki ng mga butas ng ilong nito at ang paniningkit ng mga mata.

“Tatawagan ko si Cherryl,” ani Mercy na ang tinutukoy ay ang pamangkin na ikinasal kamakailan lang. “Tanungin natin kung sino ang wedding planner niya. Her wedding day was very successful.”

“Mommy,” pigil ni Jared. “Kung puwede sana gusto muna namin ng civil wedding.”

Napakunot-noo ang ina. “Pero bakit?” Halatang disappointed ito. “First time pa naman na may anak akong ikakasal.”

“Huwag kayong mag-alala, susunod din ang kasal sa simbahan. For the meantime, gusto muna naming gawin itong tahimik. Matagal ang pagpapalano

ng kasal sa simbahan. And we're in a hurry to be together.”

“Pero promise, susunod ang kasal sa simbahan?” paniniguro ng ginang. “Huwag n’yo naman akong pagkaitan ng pagkakataong mag-ayos ng bonggang kasal.”

“Promise.”

Lalong nanggigil si Lani sa galing ng pagsisinungaling nila.

“Mommy, Daddy, halatang atat ang dalawang ‘to na makapag-usap nang sila lang. Let’s leave them alone, they have a lot of catching up to do.” Halos patulak na pinaalis nito ang mag-asawa sa veranda, pero bago makatalikod ay pinukol silang dalawa ng matalim na tingin.

“You have all the time in the world. I’m giving both of you the chance to reconsider,” gigil na bulong ng babae saka tuluyang umalis.

Nginitian niya nang sarkastiko ang lalaki.

“Go ahead and cry—pero hindi ako magba-back out,” mayabang na sabi ni Mika.

Tinaasan siya nito ng kilay.

“Why should I cry?”

“Come on, alam ko namang nang-aasar ka lang kanina nang tawagin mo ako dito sa labas. Pero ngayon, wala ka nang kawala. At sino’ng may kasalanan? Certainly not me.” Ngumiti siya na para bang tuwang-tuwa sa sarili.

“Ano’ng ibig mong sabihing ‘nang-aasar?’” kunot-noong tanong nito. “You think my offer was a joke?”

“Huwag ka na nang magmaang-maangan,” nagsisimula na siyang mainis. “Alam kong pinagtritripan mo lang ako.”

Napatawa nang mahina ang lalaki. “That’s why you pulled that stunt with Daddy? You thought you were punishing me by your sudden announcement?”

“I wanted to see you faint.” Halos may pagmamaktol sa kanyang boses. It annoyed her to see that he was not fazed by the situation.

Lalo itong napatawa. “Mika, nang sabihin kong pakakasalan kita kung papayag ka sa kondisyon ko, I meant it. Kaya okay lang sa akin na magpakasal tayo. Ibig sabihin pumapayag ka sa kondisyon ko.”

Napakunot-noo siya sa kalituhan. “Seryoso ka kanina? Papayag ka talagang pakasal sa akin?”

Napapantastikuhang tiningnan niya ito. “Pero bakit? Sa pagkakaintindi ko kagabi, you did not even give my proposal a second thought.”

Nagkibit-balikat ang kaharap. “Tulad ng sinabi mo, baka totoong noon pa man ay may hidden desire na ako sa iyo.” At binigyan siya nito ng nakakalokong ngiti.

She was hit by the full impact.

Kanina lang she was enjoying herself so much sa pag-aakalang nilalagay niya sa uncomfortable position si Jared. Nothing mattered except the thought of making him squirm.

But he actually enjoyed the situation.

It was done. Tapos na ang usapan.

Hindi na niya problema ang paghahanap ng lalaking pakakasalan.

She would be rich soon.

This was all that matters, di ba?

Then why was she feeling like a loser?

“Look, you know what, I don’t think I want to marry you,” ani Mika.

Tinaasan siya nito ng kilay. “As if you have a choice. Ikaw nga ang matindi ang pangangailangang makahanap ng mauutong lalaki na magpapakasal sa iyo.”

“Well, makakahanap naman siguro ako ng iba diyan, hindi lang naman ikaw ang lalaki dito sa mundo.”

“Gan’on?” She hated his voice. Hated the line of mischief in it. “Well then, ikaw ang bahalang magsabi kina Mommy at Daddy. What will you say, I wonder?” anito na lalo pang napangiti. “ ‘Ah, Tita, Tito, nasa *Wow Mali!* po tayo!’ Gan’on? How I’d like to see you do that. And regarding sa paghahanap mo ng ibang lalaki, good luck to you.” Sinaluduhan pa siya nito bago tumalikod para pumasok sa loob ng bahay.

Naiwang parang lumulutang sa ere ang ulo ni Mika sa sobrang gaan.

My gosh, ano ba itong napasok niya?

“Are you out of your mind?” gigil na sabi ni Lani nang pumasok siya sa silid nito at inabutan ang kaibigan na palakad-lakad.

Obviously, ni hindi pa ito nakakaligo. Parang

wala na yatang balak magpunta sa clinic nito dahil sa mga pangyayari.

“What the hell were you thinking? Kayong dalawa! Nawawala ba kayo sa mundo ng katinuan?” Mika did not say a word. Lalong nagsalubong ang mga kilay nito. “Mika, buhay mo ang pinag-uusapan dito! It’s not as if ang pag-aasawa ay parang pagbili ng cellphone na kapag nagsawa ka na sa model ay puwede mong palitan,” sermon nito.

“Funny,” aniyang dumerecho sa kama at nahigaron. “Hindi mo naisip sabihin sa akin iyan noong naghahanap ako ng temporary husband. Actually, sa pagkakatanda ko, tinutulungan mo pa akong mag-isip,” she reminded her friend.

“That was *before* you decided to marry him! Him!” ulit pa nito at itinuro ang pinto na komo’y nasa labas lang ng silid nito ang lalaking tinutukoy.

“Ayaw mo ba akong maging hipag, friend?” pasimpleng sabi ni Mika, pero ang totoo ay pagod ang kanyang isipan at kung maari ay ayaw muna niya ng seryosong usapan.

“Hello?” Namaywang ang kaibigan. “It is a great idea! It’s the best thing that could ever happen! Ang kaso, para lang nating lolokohin ang mga sarili natin!

Kung sana lang hindi ganito ang sitwasyon.” Lalong nagsalubong ang mga kilay nito. “My gosh, Mika! If you will suddenly decide na panahon na para itigil ang kalokohan n’yo, ano ang sasabihin n’yo kina Mommy at Daddy? Game over?”

“Oh, please!” aniya na sinabi nang pagkahababaha ang huling salita. Tinakpan niya ang mga tainga nang maalala ang mga magulang ng kaharap and the lies they fabricated for them.

“Alam mo bang nag-aalala si Mommy, feeling niya ay wala sa matinong pag-iisip si Kuya. She’s worried na ginagamit ka lang para kalimutan ang kamamatay niyang girlfriend.” Tumawa ito nang pagak. “Imagine that, concerned sila sa iyo! Hay naku, kung alam lang nila na ikaw ang gagamit kay Kuya.”

“Lani, stop. Please stop. Nawiwindang na rin ako. I don’t want to think. Parang ang sama-sama kong tao. Kung hindi dahil sa kondisyon ni Lolo, hindi talaga mangyayari ito.”

Naramdaman ni Mika ang pag-upo ng kaibigan sa kanyang tabi. Tinanggal niya ang mga kamay na nakatakip sa tainga.

“Hindi na kami puwedeng mag-back out. Well, in a way, ayaw ko naman talagang mag-back out

considering the fact na solusyon na ito sa problema ko,” amin niya saka ginagap ang kamay ng kaibigan. “I hope you’ll give your blessing, Lani, after all, alam naman nating tatlo ang tunay na score. It’s going to be all right in the end.”

She wondered if she really believed that.

“Mika, hindi lingid sa ating lahat ang matinding feelings mo noon para kay Kuya. Ang higit kong kinatatakutan ay iyong umasa ka at sa huli ay masaktan. This is supposed to be a business arrangement, remember?”

Nagpilit siya ng ngiti. “Kung ang inaalala mo ay iyong magbalik ang feelings ko sa kanya, forget it. Hindi na ako teenager. Wala na akong nararamdamang interes para sa kanya, promise.”

“Liar!” akusa ng kaibigan. “If I know halos malaglag siguro panty mo nang makita mo siya kagabi. As if may makakaligtas sa akin. Anyway, paano mo ba nakumbinsi ang isa pang ulol na ‘yon?’”

“With my charm, of course,” ani Mika na ngumiti nang pagkatamis-tamis. Damn it, gumuho man ang mundo, hindi niya sasabihin dito ang binigay na kondisyon ni Jared kung magpapakasal sila. Ultimo siya ay ayaw itong isipin.

“He-he-he,” may himig ng sarcasm ang boses nito. “I’ll bet my ass that you’ll fall for my brother again.”

Hindi na lang niya pinansin ito.

Ginamit nila ang kotse ng daddy ni Jared. Dinaanang nila sa bahay niya ang kanyang birth certificate at iba pang mga papeles na kailangan para makapag-apply sila ng lisensya sa munisipyo.

Very soon they would be declared as husband and wife, they would be considered as one! Kahit pa panandalian lang—the idea was—terrifying.

What would happen during the time of marriage? Wala naman sigurong masamang mangyayari.

“Mika, hindi kita pinipilit sa kasal na ito,” paalala ni Jared habang nagmamaneho. “In fact sa pagkakaalam ko, I am doing you a favor.”

“Huwag mo sanang kalilimutan, this is a business arrangement.” She tried to sound as cool as possible. Na komo’y gustong umaktong propesyonal.

“Sure,” kabit-balikat nito. “At huwag mo ring kalilimutan ang kondisyon ko.”

Inirapan niya ito. “We’ll negotiate about that later.”

Biglang tumigil ang kotse at tumingin ito sa kanya. “Akala ko ba matinong usapan ito? The negotiating part is over. Conditions have been laid.” Obviously, wala itong balak tumuloy sa munisipyo nang hindi plantsadong mabuti ang usapan.

“Alright!” napalakas ang boses na sabi ni Mika. “Hah! I’m beginning to think na totoo ngang may lihim kang pagnanasa sa akin mula noon. Palagi mo siguro akong pinagpapantasyahan.”

Hindi iyon pinatulan ng lalaki. As if kinokonsidera kung tutuloy ba sila sa kanilang lakad o hindi. Ipinadyak niya ang paa sa masikip na sahig ng kotse. “Drive, damn it! Mamaya magla-lunch break na ang mga empleyado sa munisipyo!”

Parang nakontento naman doon si Jared. “Afraid I might change my mind?” Sisipul-sipol ito na muling pinaandar ang kotse.

“So, off mo sa work ngayon? Can you bring me to the station for a tour?” tanong ng lalaki nang lumabas sila sa munisipyo an hour later.

Puno ng pagtataakang tinitigan ito ni Mika. “Give you a tour? At bakit ko gagawin iyan?”

Tinaasan siya nito ng kilay. “Wala ka bang balak ipakilala man lang ako sa mga co-workers mo?” tanong nito. “Para hindi naman sila magulat kung bukas makalawa ay malaman nilang may asawa ka na pala.”

Namaywang ang babae. “Hoy! Wala akong balak ipagkalat sa buong mundo na mag-aasawa ako. Hangga’t possible, ililihim ko ito!”

Nagkibit-balikat ang katabi. “Fine, have it your way. Let’s go find something to eat.”

Nakakatawa, habang kumakain sila sa isang maliit na restaurant, feeling ni Mika ay boyfriend niya talaga ang kasama.

Jared was really a good-looking guy. Hindi maiwasang may ilang kababaihang napapasulyap dito. Somehow, her heart was swelling with pride. My gosh, first day of pretending and everything’s getting into her.

She didn’t like the feeling at all.

“So, saan n’yo balak tumira?” tanong ni Mercy

nang dumerecho sila sa bahay ng mga Saavedra matapos kumain sa labas. As courtesy ay sumama siya kay Jared para ipaalam sa mga ito na walang naging problema sa application nila for marriage license sa munisipyo.

“Sa bahay po. Hindi po praktikal na maghanap pa kami ng iba, eh, available naman iyon.” Ang bahay kung saan nakatira si Mika ay ang tanging pamanang naiwan ng Lolo Gerald niya sa kanyang mommy at iniwan naman sa kanya ng ina nang pumanaw ito. It’s a ten-minute walk mula sa bahay nina Jared.

Bumadha uli ang pag-aalala sa mukha ng ginang. “I don’t want to sound skeptical, pero nabibilisan pa rin ako sa mga pangyayari. I truly hope you are not making a mistake in rushing everything.”

Inakbayan ni Jared ang ina. “Mommy, love moves in mysterious ways, di ba nga? Wala na kayong dapat ipag-alala. We’re going to be happy at natitiyak kong kayo rin, when we start giving you grandchildren to spoil.”

Halos manliit si Mika sa kinatatayuan. Pinaiikot nila ang mga magulang ng lalaki, knowing in the end na madi-disappoint ang mga ito.

“Mika, care to beat me in a game of chess?”

tanong ni Mike na papunta na sa mesa kung saan permanenteng nakapuwesto ang chessboard.

Kaagad nagpaunlak ang dalaga.

Hindi lingid sa lahat ang husay niya sa larong chess mula noon. Sanay na si Mike na natatalo sa kanya, pero gustung-gusto pa ring makipaglaro na tila ba umaasa na isang araw ay magkamali rin siya ng galaw at matalo.

“Daddy, are you still hoping na maawa siya sa iyo at magpatalo?” biro ni Jared sa ama.

“Yabang nito,” irap ng matandang lalaki. “Eh, never mo pa nga siyang kinalaro dahil sa takot matalo!”

“Correction,” pasimpleng sabi nito, “You all think she’s unbeatable, ayaw ko kayong i-disappoint kaya hindi ko siya kinakalaro.”

“Ilusyunado,” ani Mika at hindi na uli pinansin ang mapapangasawa for the rest of the game.

“Kailangan pa bang ihatid mo ako?” pabulong na tanong niya sa lalaki nang magpaalam siya at kaagad naman itong tumayo with the intention of walking her home.

“Hello? Tinatanong pa ba iyan? You’re my fiancée, remember? I’m not going to let you walk home alone!”

Naiinis pa rin siya nang naglalakad na sila patungo sa bahay niya. He showed no sign of leaving nang makapasok sila sa gate at matapat sa pinto.

Tinaasan niya ito ng kilay.

Kunwa’y nagtataka ang lalaki.

“Bakit, hindi mo ako pakakapehin man lang?”

“Nagkape na tayo sa bahay n’yo,” paalala ni Mika.

Umikot ang eyeballs ng lalaki. “Well, I didn’t mean that literally. It is polite to ask me in and offer coffee or anything kahit alam mong busog ako,” he said it in a tone na komo’y grade one ang kinakausap.

“Aba, saang school of ethics mo natutunan iyan?”

Namaywang ito.

Wala siyang nagawa kundi buksan ang pinto. Lumikha iyon ng ingay na masasabing masakit sa tainga. Mula nang mayari ang bahay na ito in the 1950’s, hindi na ito nakatikim ng renovation kaya naman antigo na ang dating. Maging ang mga ingay

ay antigo rin.

Napangiti si Mika habang iniisip kung makakatagal kaya doon si Jared knowing that his every move would make a sound.

“Damn it, wala ka bang pambili ng baby oil?” tanong ng lalaki na parang nabingi yata sa ingay ng pinto.

“Aanhin ko?”

“A single drop in the door hinge would fix that sound! Hindi ba itinuro iyan sa iyo n’ong grade two?”

“Thanks for the tip, pero bakit ko naman iyan gagawin, eh, iyan ang nagsisilbing burglar alam ko? Sa tunog pa lang niyan matatakot na ang sinumang balak magnakaw dahil alam niyang magigising ang buong kabahayan.”

“Except, hindi naman palaging sa pintuan dumaraan ang mga magnanakaw,” he pointed out. “Maraming bintana which are also accessible.”

“Don’t worry, they function in the same way.”

Napapantastikuhang tinungo ni Jared ang isang bintana at binuksan iyon. He cringed at the sound it made.

“My gosh, wala pa bang nag-o-offer sa iyo na gamitin ito sa pelikula as a haunted house? Siguradong kikita ka.”

Pinamaywangan ni Mika ang kausap. “Hoy! Huwag mo ngang mainsu-insulto itong bahay ko! Kapag nakuha ko na ang mana ko, ipapaayos ko ito at baka maglaway ka sa inggit!”

“Hindi ko ito iniinsulto. I just want to point out that there are remedies to these problems.” Naupo ang lalaki sa upuang yari sa rattan. Bumaligtad iyon, sending him crashing to the floor.

Sinapo ni Mika ang bibig. “Oops, sorry. Sira nga pala ang isang paa niyan, hindi ko pa kasi napapaayos.”

Gustong sabihin ni Jared sa dalaga na hindi iyon dapat ipaayos at sa halip ay itapon na lang, but he kept his mouth shut. Pinili niyang tumayo at umaktong hindi nasaktan kahit pa pakiramdam niya ay mamamaga ang kanang balikat niya na siyang napuruhan.

“What do you want, coffee or coffee?” tanong ni Mika at nakatanggap ng irap. “Got it! Hintayin mo lang ako.” Tumalikod siya upang magtungo sa kusina.

Inilibot ni Jared ang paningin sa buong paligid. Sa tagal ng pagkakakilala nila, pangalawang beses pa lang niyang nakapunta rito sa bahay ng babae. Ang unang pagkakataon ay noong namatay ang mommy nito ilang buwan bago siya umalis patungong ibang bansa.

Kung titingnang mabuti, malaki ang potential ng bahay. It just needed some major repairs but not to the extent na mawawala ang aura nito as an old house.

Napatingin siya sa malaking TV set sa sulok at nilapitan iyon para buksan.

Hmm, a sign of technology, at last.

Pumasok si Mika dala ang isang puswelo ng kape.

“Kapag naubos mo na iyan, umuwi ka na.”

Nakita niyang natigilan ang lalaki sa sinabi niya.

“Hello, what did you expect? Alangan namang hanggang bukas ka rito?” taas-kilay na tanong ng dalaga.

Kumunot ang noo ni Jared. “Hindi ba gumagana ang common sense mo? We just got engaged, naturally, my parents would expect us to spend as much time as we can together. Ano naman ang iisipin

ng mga iyon kapag bigla akong umuwi? Hindi kaya sila magduda?”

She saw the point. Pero hindi pa rin rason iyon para manatili ito sa bahay niya. “Then go somewhere else, sa park o kahit saan. Maaga ang pasok ko bukas.”

He looked really pissed with that. “Excuse me, Miss Impertinence, kung akala mo cute iyang ginagawa mo, nagkakamali ka.”

Well, she’s not feeling too good, either. Namaywang si Mika. “Don’t worry, Mr. Walang Pakiramdam, dahil hindi po ako nagpapa-cute sa inyo!”

“Oh, my goodness!” pabulong na sabi nito. “This can’t be happening. Unang araw nating magkasama at ganyan ka na kung umasta! I can’t believe I actually agreed to marry you!” dugtong nito sa desperadong boses.

“Ako rin!” Hindi siya patatalo. “Hindi ako makapaniwalang nag-propose ako sa iyo, in the first place! I should have known this will never work!”

“Iyon ay dahil napakatigas ng ulo mo! Bakit ba kailangang may pangresbak ka sa lahat ng sasabihin ko? And you are always choosing the wrong words!”

“Listen to yourself! It’s not as if you’re the most considerate gentleman!”

Nagkatitigan sila. Parehong galit ang mga mata nila.

Si Jared ang unang bumigay.

“My gosh,” anito at sinapo ang noo. “We could win an award for this.”

Hindi na rin niya napigilan ang ngumiti. “Right, the ‘Stubbornness’ award.”

Muli silang nagkatitigan.

“Alright.” Inilahad ng lalaki ang kanyang palad. “Truce?”

“Truce. Let’s be more business-like from now on.”

Tumango ito, “Yeah, right.”